



Bagong kredito sa buwis sa mga manggagawa sa Washington

Ang Kredito ng buwis para sa mga Nagtatrabahong Pamilya ay magbibigay ng mga bayad na hanggang \$1,200 sa mga indibidwal at Kredito ng buwis pamilya na nakakatugon sa ilang partikular na kinakailangan para maging karapat-dapat.

Sino ang karapat-dapat para sa kredito ng buwis?

Kuwalipikado ang mga indibidwal at pamilya kung natugunan nila ang mga sumusunod na kahilingan:

- Nakatira sa Washington sa loob nang hindi bababa sa 183 araw.
- Hindi bababa sa 25 taon at wala pang 65 taong gulang
O may kwalipikadong anak sa 2022.
- Nakapag-file ng buwis sa gobyerno para sa 2022 na may Numero ng Social Security (Social Security Number, SSN) o Numero ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number, ITIN).
- Kuwalipikado para sa Kredito ng Buwis sa Pinagtrabahuhan Kita ng gobyerno sa kanilang buwis para sa 2022.
– Pumunta sa www.irs.gov/eitc para matuto pa.
- Natutugunan ang ilang partikular na kinakailangan sa kita (tingnan ang talahanayan).

Magkano ang makukuha ng mga indibidwal at pamilya?

Nakadepende ang Kredito ng buwis para sa mga Nagtatrabahong Pamilya sa bilang ng mga kwalipikadong anak at antas ng kita. Ang minimum na credit ay \$50, anuman ang bilang ng mga kwalipikadong anak. Tingnan ang talahanayan para sa mga pagtatantiya batay sa mga threshold ng kita para maging karapat-dapat sa 2022.

Ano ang mga threshold ng kita?

Bilang ng mga kwalipikadong anak	dapat na mas maliit ang kinikita ng indibidwal kaysa sa sumusunod		Maximum na halaga ng credit
	Walang Asawa	May Asawa (Magkasama o joint ang pag-file)	
0	\$16,480	\$22,610	\$300
1	\$43,492	\$49,622	\$600
2	\$49,399	\$55,529	\$900
3 o higit pa	\$53,057	\$59,187	\$1,200

Puwede nang magpasa ng aplikasyon sa Pebrero 1, 2023 at tatanggapin ito hanggang Disyembre 31, 2023.



Para ma-access ang higit pang impormasyon o mag-sign-up para sa mga update, bisitahin ang aming website: WorkingFamiliesCredit.wa.gov o tumawag sa 360-763-7300.

WFTC0001-TL

(02/03/2023)

Department of
Revenue
Washington State